Ang 'Limang Mga Sola' Ng Repormasyon

❖ SOLUS CHRISTUS (Kay Kristo Lamang)

- Usapin: Ano ang batayan ng pagpapawalang-sala sa makasalanan? *Solus Christus:* Pagbabayad-sala ni Kristo lamang.
- Laban sa katuruan ng Romano Katoliko, ipinanindigan ng Repormasyon na ang kaligtasan ay hindi sa pamamagitan ng simbahan, ni Maria, ng mga santo o ng mabubuting gawa ng tao. SOLUS CHRISTUS! Matibay na ipinapahayag sa sigaw na ito ng Repormasyon na mayroon lamang iisang Tagapamagitan sa Diyos at sa Tao—at ito ay walang iba kundi si Jesukristo. Ang kapatawaran ng kasalanan at pakikipagkasundo sa Diyos ay posible lamang sa pamamagitan ng gawa ni Kristong ibinibilang sa sumasampalataya.

  ▪ **Michael Horton, *Reformation Essentials—Five Pillars of the Reformation:*** *" Higit kaysa anupaman, ang Repormasyon ay isang pag-atake sa pananampalataya sa tao, at isang pagtatanggol sa paniniwala na ang Diyos lamang ang nagpapakilala ng Kanyang sarili at nagliligtas sa atin. Hindi natin Siya hinanap; Siya ang humanap sa atin. Ang pagdidiin na ito ang siyang sanhi ng sigaw na "kay Kristo lamang!" Si Jesus ang tanging daan ng pagkakilala kung ano talaga ang Diyos, tanging daan ng pagkakaroon ng relasyon sa Kanya bilang Ama sa halip na Hukom, at ang tanging daan ng kaligtasan mula sa Kanyang poot. "*

[**Thesis Two: Solus Christus**; **Cambridge Declaration of the Alliance of Confessing Evangelicals**; ***April 20, 1996***]

" Pinaninindigan natin na ang ating kaligtasan ay isinakatuparan ng pampamagitang-gawa (mediatorial work *) ng makasaysayang Kristo lamang. Ang Kanyang walang-salang buhay at kahaliling pagbabayad-sala lamang ang sapat para sa ikapagpapawalang-sala natin at pakikipagkasundo sa Ama. Tinatanggihan natin na ang ebanghelyo ay naipangaral kung ang paghaliling-gawa ni Kristo ay hindi naipahayag at ang pananampalataya kay Kristo at sa Kanyang ginawa ay hindi hiningi. "*

I. *Solus Christus:* Tanging Lunas sa Kapahamakan

- Ang ebanghelyo na siyang mensahe ng persona at gawa ni Jesukristo ay inilalahad sa Kasulatan bilang tanging lunas sa pinakamasahol na problema ng tao: ang kasalanan.

1. Lahat ay maysala. Rom. 3:23 *" Yamang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. "*

- Lahat ay inaakusahan na sumuway at maysala = hindi nakaabot sa buhay na nakaluluwalhati sa Diyos.
  Buod ng kasalanan: Hindi pag-abot sa pamantayang kaluwalhatian ng Diyos.
- Lahat ay mayroong pagsuway na ginawa = walang matuwid (**Rom. 3:10*ss***); lahat ay lumiko/lumihis
- Ang buong sanlibutan ay nasa ilalim ng hatol ng Diyos (**Rom. 3:20**)
- At walang kakayanan ang tao na hanguin ang kanyang sarili sa kanyang kalagayan (**Ef. 2:1*ss***);
- Walang pantubos ang tao sa kanyang katayuan (**Aw. 49:7*ss*** *" ...sa anumang paraan ay walang taong makakatubos sa kanyang kapatid, ni ibigay sa Diyos ang kabayaran ng kanyang buhay "*).

PUNTO: Ang katayuan ng tao sa kasalanan ang pinakamasahol na problemang dapat lunasan.

2. Pag-asa: Biyaya ng Diyos. Rom. 3:24 *" sila ngayon ay itinuturing na ganap ng kanyang biyaya…"*

- Dahil Diyos ang pinagkasalahan = Siya ang pinagkakautangan, Siya ang nasa poder na magtakda ng paraan ng pagbabayad. Ito'y mahalagang maunawaan, dahil kung hindi ay magiging walang katuturan ang ebanghelyo.
- At ang itinalaga at tanging pambayad-sala ay ang pagtubos at namamagitang gawa ni Kristo .

II. *Solus Christus:* Tanging Tagapamagitan

- **1 Tim. 2:5** *" Sapagkat may isang Diyos at may isang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus,"*
  - Ang tagapamagitan ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng dalawang panig na dahil sa kung anumang sanhi ay hindi maaaring mag-ugnayan sa isa't isa nang tuwiran. Kinakatawan ng tagapamagitan ang dalawang panig sa isa't isa.
  - Si Jesus ang tanging Tagapamagitan sa Diyos at sa tao = isinasaad na walang tuwirang pakikipag-ugnayan sa isa't-isa. (**Isa. 59:2** *"...pinaghiwalay ng inyong mga kasamaan kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagkubli ng kanyang mukha sa inyo, anupa't siya'y hindi nakikinig. "*)
  - Si Jesus bilang Tunay na Tao ay may karapatang katawanin ang panig ng tao.
  - At bilang Diyos ay may kapangyarihang kumatawan sa panig ng Diyos.
- Bilang Tagapamagitan ay ginampanan ni Kristo ang 3-panig na tungkulin: (galing sa *GMA Christology Lecture #13; NAE*)

A. Propeta = Tagapamagitan ng Salita ng Diyos

- [Westminster Shorter Cathechism, Q.24] *" Paano isinasagawa ni Kristo ang tungkulin ng isang propeta? Isinasagawa ni Kristo ang tungkulin ng isang propeta, na Kanyang ipinapahayag sa atin, sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Espiritu, ang kalooban ng Diyos para sa ating kaligtasan."*

1. Sa Mga Apostol: Nagtalaga Siya ng mga apostol upang maging mga opisyal na mga saksi at tagapagpatotoo ng Kanyang Persona at Gawa = ang salita ng mga Apostol ay may otoridad ni Kristo.

2. ***Sa Kanon ng Kasulatan:*** Ang Salita ng Diyos na ipinamagitan ni Kristo ay patuloy na nangungusap sa atin sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.

3. ***Sa Iglesya:*** Si Kristo ay nangungusap sa Kanyang iglesya sa pamamagitan ng tapat na pangangaral mula sa Banal na Kasulatan ng mga lalaking itinalaga Niya.

4. ***Sa Banal na Espiritu:*** Pinagliliwanag ni Kristo ang isip ng Kanyang mga tao sa pagbasa ng Banal na Kasulatan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

B. Pari = Tagapamagitan ng Katuwiran ng Diyos

- Ang hinaharap ng gawain ni Kristo bilang Pari ay ang pangunahing usapin ng kung paano tayo tatanggapin ng banal na Diyos. Ipinamagitan Niya para sa atin (= binigyang-kasiyahan) ang ganap na katuwirang hinihingi ng Kautusan sa pamamagitan ng Kanyang:

1. ***Perpektong Buhay*** = Paghalili sa Pagsunod.
   - Ang Kanyang perpektong pagsunod ay nagbigay-kasiyahan sa lahat ng mga pananagutan ng Kanyang bayan sa ilalim ng Kautusan. (**Isa. 52:13-53:12; Gal. 4:4-6; Rom. 5:19; Fil. 2:7, 8; Heb. 2:10; 5:8, 9**)
   - Sagot sa ating kabiguang sundin nang lubos ang Kautusan.
2. ***Kamatayan sa Krus*** = Paghalili sa Parusang Kamatayan.
   - Ang pagpapako sa krus noong sinaunang panahon ay pinakamalupit na parusa sa mga kriminal.
   - Ang ideya ng krus ay sa Kanya pinarusahan ang lahat ng kasalanan ng Kanyang bayan.
   - Ang Kanyang kamatayan ay sarili Niyang kapamahalaan (cf **Jn. 10:17, 18**) = tunay na paghaliling Kanyang ginampanan.

C. Hari = Tagapamagitan ng Paghahari ng Diyos (galing sa *GMA Christology Lecture #23; NAE*)

- Ang paghahari ng Diyos ay: **(i)** naging pangkasalukuyan kay Kristo **(ii)** kumikilos sa pamamagitan ng gawa ng Banal na Espiritu **(iii)** nasa larangan ng nagliligtas na biyaya **(iv)** namumunga ng isang matuwid na kalipunan ng mga tao ng Diyos **(v)** isinasakatuparan sa pamamagitan ng pamamahayag ng Salita ng Diyos.
- Kung saan umiiral ito ay naroon ang Haring aktibo sa Kanyang kaharian!

III. *Solus Christus:* Tanging Pagbabayad-sala

- Ang *'atonement'* [pagbabayad-sala] ay tumutukoy sa aktwal na gawang isinakatuparan ni Jesus upang mapanumbalik ang ating relasyon sa Diyos.

Paglalahad sa Bibliya: (galing sa *GMA Christology Lecture #16 & 17; NAE*)

1. ***Handog na Nagbibigay-kasiyahan*** = tinutugunan ang hinihingi ng Batas at katarungan
   - **Isa. 53:10, 11** *" Gayunma'y kinalugdan ng PANGINOON na mabugbog siya …Kanyang makikita ang bunga ng paghihirap ng kanyang kaluluwa, at masisiyahan...."*
   - **Ef. 5:2** *" …gaya ng pag-ibig ni Cristo sa atin at ibinigay ang kanyang sarili para sa atin bilang handog at alay sa Diyos upang maging samyo ng masarap na amoy."*
   - Ang pangunahing layunin ng kamatayan ni Kristo bilang handog ay upang magdulot ng epekto sa Diyos = bigyang-kasiyahan ang hinihinging parusa ng Batas.
   - Ang kamatayan ni Kristo ay ang Kanyang pagdurusa ng poot ng Banal na Diyos laban sa kasalanan.
2. ***Konsepto ng Paghalili***
   - Bahagi ng tungkulin ng Pari: **Heb. 5:1** *"…mula sa mga tao ay pinangasiwa sa mga bagay na may kaugnayan sa Diyos, para sa kanilang kapakanan…"*
   - Inako ni Kristo ang pananagutan ng makasalanan sa kaparusahan ng Batas (**Isa. 53:6, 12; 1 Pet. 2:24**) = hindi personal, bagkus ay legal na katayuan.
   - **2 Cor. 5:21** = ibinilang sa Kanya ang kasalanan natin; ibinilang sa atin ang katuwiran Niya.
3. ***Konsepto ng Paglulubag-poot*** (o pag-aalis ng poot = propitiation)
   - **Rom. 3:25, 26** *" na siyang inialay ng Diyos bilang handog na pantubos [propitiation = paglulubag/pag-aalis ng poot] sa pamamagitan ng kanyang dugo…"*
   - Sa pagbabayad-sala ni Kristo, ang hatol ng kapootan ng Diyos sa Huling Araw ay hinatulan na para sa Kanyang bayan. = wala na ang poot ng Diyos sa mananampalataya.
4. ***Pantubos at Katubusan***
   - Katuturan ng Pagtubos (katuturang-Hebreo): Pagbabayad ng kabayarang-halaga para palayain ang isang kriminal, lalo na ang isang gumawa ng mabigat na kasalanan.
   - Ang pag-aalay ni Kristo ng Kanyang buhay ay siyang kabayarang-halaga na tumutubos sa makasalanan mula sa hatol ng Diyos (**Mk. 10:45; Rom. 3:24, 25**).

HAMON: Sa pluralismo ng ating panahon ay ipanindigan natin ang eksklusibong pag-aangkin ng SOLUS CHRISTUS!